# Balitang Manmin

BILANG 63 HUNYO 3, 2012

# “Nakarinig Ako Pagkatapos Maipanalangin Gamit ang Panyo”

## Pinamunuan ni Pastor Sooyeol Cho ang mga pagtitipon na may panyong nakakapagpagaling sa mga Iglesya ng Manmin para sa mga Bingi sa Thailand at Malaysia



Noong nanalangin si Pastor Sooyeol Cho para sa mga may sakit gamit ang panyo, nakarinig ang mga bingi, nakakita ang mga bulag, at maraming tao ang gumaling sa iba't ibang klaseng karamdaman sa pamamagitan ng maalab na pagkilos ng Banal na Espiritu.

Sa ika-2 anibersaryo ng Hat Yai Manmin Deaf Church, naghatid ng mensahe si Pastor Sooyeol Cho. Siya ay isang guro sa misyon para sa mga may kapansanan sa pandinig. Pinamunuan din niya ang mga pagpupulong na may panyong nakakapagpagaling sa limang sangay na iglesya ng Manmin para sa mga may kapansanan sa pandinig na itinatag sa Thailand at Malaysia.

Noong Mayo 1, inihatid ni Pastor Cho ang mensaheng may pamagat na “God Is the One True Living God” (Ang Diyos ang Natatanging Tunay na Buhay na Diyos) na hango sa Mga Taga-Roma 1:20 sa unang pagtitipon na idinaos sa Phuket Manmin Deaf Church. Pagkatapos nito, idinalangin niya ang mga may sakit gamit ang panyong makapangyarihan (Ang Mga Gawa 19:11-12).

Naibalik ang pangamoy ni Namcltai. Nakapaglakad nang maayos si Niko. Gumaling din ang dalawang babaing miyembro na sina Saiv Tin na naging malinaw ang paningin at si Caddama Wchimbut na gumaling ang sakit sa balat. Niluwalhati ng maraming tao ang Diyos sa mga patotoo nila ng paggaling.

Noong Mayo 2, nagdaos ng pagtitipon na may panyong nakakapagpagaling sa Surat Thani Manmin Deaf Church. Pagkatapos ng pagpapalabas ng video na “The Power of God” (Ang Kapangyarihan ng Diyos), ipinangaral ni Pastor Cho ang mensaheng may pamagat na “Let’s Become a Christian Who Bears Fruit” (Maging mga Cristiano Tayong Namumunga) na batay sa Mateo 7:15-17. Idinalangin din niya ang mga may sakit gamit ang panyo.

Nagpatotoo ang miyembrong si Manthani na ipinanganak na bingi: “Pagkatapos ng panalanging may panyo, tinanggap ko ang apoy ng Banal na Espiritu at uminit ang pakiramdam ko. At bigla akong nakarinig.” Nagbunyi ang buong iglesya. Bukod dito, ang miyembrong si Charlo Ampol ay gumaling sa kondisyong ‘tunnel vision’ (mga bagay lang na nasa harapan ang nakikita niya at ang mga nasa gilid ay malabo na), at si Jirisuni ay gumaling sa problema niya sa paghinga at sa kanyang sakit sa thyroid.

Noong Mayo 6, nagdiwang ng ika-2 anibersaryo ang Hat Yai Manmin Deaf Church sa pamamagitan ng pagsamba at pagtitipon na may panyong nakakapagpagaling. Pinaghandaan ng mga miyembro ang okasyong iyon sa pamamagitan ng taos-pusong paggawa ng mga kasuotan nila para sa pagtatanghal. Nakadagdag sa kasiyahan ng anibersaryo ang mismong pagtatanghal nila!

Ipinangaral ni Pastor Cho ang mensaheng “Why is Jesus Our Only Savior?” (Bakit si Jesus ang Tanging Tagapagligtas Natin?) na batay sa Ang Mga Gawa 4:12 at idinalangin ang mga may sakit gamit ang panyo. Sinabi ni Chansunee Pornhuna na naririnig na niya ang mga tunog na hindi niya naririnig dati. Nakakita si Viyanach Kongnai pagkatapos tanggapin ang apoy ng Espiritu. Pinatotohanan ni Sukhon Sunsuwan na nawala ang mga bukol niya sa dibdib. At marami pang karagdagang patotoo ang sumunod.

Noong Mayo 7, inihatid ni Pastor Cho sa Trang Manmin Deaf Church ang mensaheng may pamagat na “God Works Through Works of the Holy Spirit” (Kumikilos ang Diyos sa Pamamagitan ng Banal na Espiritu) batay sa Hebreo 13:8 at idinalangin din niya ang mga may sakit. Maraming tao ang gumaling sa sakit sa ulo, mata, balikat, binti, at braso. Gayon din sa problema sa prostate gland, sa paghinga at sa mga sakit sanhi ng hindi magandang pagdaloy ng dugo.

Sa Penang, Malaysia naman siya nagtungo noong Mayo 8. Pinamunuan niya ang mga pagtitipon na may panyong nakakapagpagaling at bumisita siya sa mga tahanan ng mga miyembro. Dito natapos ang biyahe niya para sa pagmimisyon. Bilang pagluluwalhati sa Diyos, sinabi ni Pastor Cho, “Naiiba sa mga iglesya para sa mga may kapansanan sa pandinig ang sangay ng Manmin dahil tahimik lang ang pagsamba nila at kumpleto sila sa pasilidad. Salamat sa suportang pang-pinansyal ng Punong Pastor Dr. Jaerock Lee. Dahil pinaghandaan ng mga miyembro ang mga pagtitipon na may paghahangad sa kapangyarihan ng Diyos, kumilos ang Diyos Ama.

Ang mga sangay na iglesyang ito ay pinaglilingkuran ni Pastor Junghoon Chi, Pangalawang Gurong Tagapayo ng Misyon para sa mga may kapansanan sa pandinig ng Manmin Central Church. Nang makatanggap ng pagpapala ang mga tao mula sa mga mensahe ni Dr. Jaerock Lee na ipinamahagi ni Pastor Chi sa internet, itinatag ang Penang Manmin Deaf Church sa Malaysia noong Disyembre 2008.

Sa kasalukuyan, nakapagtatag na ng mga iglesya para sa mga bingi ang Manmin sa Hat Yai, Trang, Surat Thani, at Phuket, Thailand. Gayundin sa Penang at Melaka sa Malaysia. Magtatatag din ng mga sangay na iglesya sa Kuala Lumpur, Atol, Ipoh at Taiping, sa Malaysia at sa iba pang mga bansa na katabi ng Thailand tulad ng Vietnam.

### Mga Sangay ng Ministeryo ng Manmin sa Pilipinas

**Manila Manmin Holiness Church**
441 Patato St, J-Figueras
Sampaloc, Manila, Philippines
Pastor Peter Bae
Pastor Lucy Lee
2-735-1423

**Bataan Manmin Holiness Church**
067 Daang Bago, Dinalupihan,
Bataan, Philippines
Pastor Peter Bae
Pastor Lucy Lee
0910-262-5465

**Isabela Manmin Holiness Church**
Purok 3, Brgy, San Roque, San
Mateo, Isabela, Philippines
Pastor Peter Bae
Pastor Lucy Lee
0905-649-1120

**Cavite Manmin Holiness Church**
5 Lot 33 Bk 1, Canutuhan (tenant),
Santiago Gen.Trias, Cavite, philippines
Pastor Sharon Cho
046-850-3193 /
0916-674-3903 /
0905-319-8191

**Imus Manmin Holiness Church**
Blue Bell St. Plaridel III Sub.
Bayan Luma 7, Imus Cavite,
Philippines
Pastor Jubeom Kim
0927-311-7633

**Cebu Manmin Holiness Church**
LOT N. 402 - B-4
Looc Along Side The Canjulao
Road, Lapu-Lapu City Cebu,
Philippines
Pastor Rossetta Sung
0921-635-7595

**Davao Manmin Holiness Church**
301 Ilang Ilang St. Flores
Village, Bangkal, Davao City,
Philippines
Pastor Kathryn Kim
0908-635-2714

# Pumunta Ka sa Lupaing Ituturo Ko sa Iyo

"Sinabi ng PANGINOON kay Abram, 'Umalis ka sa iyong lupain, sa iyong mga kamag-anak, sa bahay ng iyong ama, at pumunta ka sa lupaing ituturo ko sa iyo. Gagawin kitang isang malaking bansa, ikaw ay aking pagpapalain, gagawin kong dakila ang iyong pangalan, at ikaw ay magiging isang pagpapala.'"
(Genesis 12:1-2)

Binasbasan at pinagpala ng Diyos si Abram sa edad na 99, sinasabing, "Para sa Akin, ito ang Aking pakikipagtipan sa iyo: Ikaw ang magiging ama ng maraming bansa. Ang pangalan mo ay hindi na tatawaging Abram, kundi Abraham na ang magiging pangalan mo; sapagkat ikaw ay ginawa Kong ama ng maraming bansa." (Genesis 17:4-5)

Tinamasa ni Abraham, ang ama ng pananampalataya, ang lahat ng klase ng biyaya na gustong matanggap ng mga tao. Kasama dito ang mga anak, pera, kalusugan, at mahabang buhay. Siya ay inibig at kinilala ng Diyos at tinawag pa siyang 'kaibigan ng Diyos'. Higit pa riyan, maliwanag na ipinaalam sa kanya ng Diyos kung ano ang mangyayari sa hinaharap. Ano kaya ang lihim niya at nakatanggap siya ng ganitong mga kamangha-manghang biyaya?



Punong Pastor Dr. Jaerock Lee

### 1. Lubos ang paniniwala ni Abraham sa Diyos kaya sumunod siya.

Gustong bigyan ng Diyos ng biyaya si Abraham kaya sinabi Niya sa kanya, "Umalis ka sa iyong lupain, sa iyong mga kamag-anak, sa bahay ng iyong ama, at pumunta ka sa lupain na ituturo Ko sa iyo; Gagawin kitang isang malaking bansa, ikaw ay Aking pagpapalain, gagawin Kong dakila ang iyong pangalan, at ikaw ay magiging isang pagpapala."

Hindi sinabi ng Diyos sa kanya na iwanan ang bansa niya at pumunta sa isang tiyak na lugar. Sinabi lang Niya na pumunta sa lupain na ituturo sa kanya. Hindi man lang nag-alinlangan si Abraham noong oras na iyon. Dahil sinabi ng Diyos na iwanan niya ang bansa niya, sumunod siya at hindi na lumingon pa, ni walang panghihinayang.

Sinunod din niya ang mga salita ng Diyos na tila imposible sa pag-iisip ng tao. Nang sabihin sa kanya ng Diyos na ialay ang nag-iisang anak niya bilang handog na susunugin, 'Oo' at 'amen' lang ang naging tugon niya. Ipinanganak si Isaac, ang pinakamamahal na anak niya, noong 100 taong gulang siya bilang pangako ng Diyos. Subalit hiniling ng Diyos kay Abraham na ihandog sa Kanya ang anak bilang kaloob na susunugin. Ibig sabihin nito ay papatayin niya ang anak niya, hihiwa-hiwain, ihihiwalay ang laman sa buto, at susunugin para sa Diyos.

Nakakabagabag ito sa isipan ng tao. Subalit sumunod lang si Abraham, hindi nagdahilan o nangatwiran. Nagawa niyang sumunod nang may kagalakan dahil mayroon siyang lubos na pagtitiwala sa Diyos na kayang bumuhay ng patay tulad ng nakasulat sa Mga Hebreo 11:19.

Ipinapahayag ng mga tao ang paniniwala nila sa Diyos sa pamamagitan ng mga salita, pero nagdududa pa rin sila o kaya ay nagrereklamo. Ito'y dahil hindi lubos ang paniniwala nila sa Kanya. Makakasunod tayo kung taos-puso ang paniniwala natin sa Diyos. Lubos ang pagtitiwala ni Abraham sa Diyos kaya naialay niya si Isaac bilang handog na susunugin. Nalugod ang Diyos sa kabutihan niyang nagmumula sa tunay na pananampalataya sa Kanya.

Sa ganitong paraan, tinutupad ng Diyos ang mga pangako Niya sa mga anak Niya at dinadala sila sa daan ng tunay na mga biyaya. Maaaring tumanggap ang kahit sinuman ng mga biyaya kapag magtitiwala sila sa salita Niya at susunod sa Kanya katulad ni Abraham.

Halimbawa, ano ang sinabi ng Diyos sa mga humihiling ng biyayang pinasyal? Sinasabi sa Malakias 3:10, "Dalhin ninyo ang buong ikasampung bahagi sa kamalig upang magkaroon ng pagkain sa Aking bahay, at sa gayo'y subukin ninyo Ako ngayon, sabi ng PANGINOON ng mga hukbo. Tingnan ninyo kung hindi Ko bubuksan para sa inyo ang mga bintana ng langit, at ibubuhos Ko sa inyo ang isang pagpapala na walang sapat na kalalagyan." Mababasa sa Lucas 6:38, "Magbigay kayo at iyon ay ibibigay sa inyo – hustong takal, siniksik, niliglig, at umaapaw, ang ilalagay nila sa inyong kandungan. Sapagkat sa panukat na inyong ipanukat ay doon din kayo susukatin."

At bukod sa mga ito, marami pang hindi mabilang na pahayag tungkol sa biyaya na nakasulat sa Biblia. Nasa Biblia ang mga paraan kung paano tatanggap ng mga biyaya na pangpinansyal, kagalingan sa sakit at mga sagot sa mga problema na tila imposibleng masolusyunan. Kaya kung lubos nating pagtitiwalaan ang Salita ng Diyos, at isasabuhay natin ito, tatamasahin natin ang pinagpalang buhay katulad ni Abraham.

### 2. Nagpakita ng kabutihan si Abraham sa pakikitungo niya sa mga tao.

Hindi hinangad ni Abraham ang pansariling pakinabang kundi inuna niya ang kapakanan ng iba. Makikita natin ang ugaling ito sa pakikitungo niya sa pamangking si Lot.

Magkasamang namuhay si Abraham at si Lot. Nang lumago nang husto ang mga ari-arian nila, hindi na sila puwedeng magsama pa sa iisang lugar. Una niyang pinapili si Lot kung saan nito gustong manirahan, hindi niya ipinilit ang karapatan niyang pumili bilang tiyuhin. Nasa Genesis 13:9 ang sinabi niya, "Di ba nasa harapan mo ang buong lupain? Humiwalay ka sa akin. Kapag kinuha mo ang nasa kaliwa, ako ay pupunta sa kanan; o kapag kinuha mo ang nasa kanan, ako ay pupunta sa kaliwa."

At pinili ni Lot ang lupain ng Sodoma, na mukhang magandang tirahan dahil may sapat na tubig. Magkagayunman, naging maluwag ito sa kalooban ni Abraham at umasa na lang siya na magiging masaya si Lot sa bagong lupaing pinili niya.

Hindi pa dito nagtapos ang kabutihan ni Abraham kay Lot. Natalo ang Sodoma at Gomorra sa mga labanang kinasangkutan nito sa mga katabing bansa, binihag si Lot at sinamsam ang lahat ng kanilang mga ari-arian. Nang mabalitaan ito ni Abraham, nakipaglaban siya kasama ang tatlong daan at labingwalong lalaking sinanay niya sa labanan at iniligtas nila si Lot (Genesis 14:14-16).

Higit pa riyan, maalab ang pakiusap ni Abraham sa Diyos na iligtas si Lot nang wawasakin na ang Sodoma at Gomorra dahil naging talamak na ito sa kasalanan at kasamaan. Iniligtas ng Diyos si Lot para hindi maging malungkot si Abraham (Genesis 19:29).

Ang kabutihang-loob ni Abraham ay patuloy na nakita sa pakikitungo niya sa Diyos at sa kapwa.

### 3. Hindi nagbago ang pagtitiwala, pagsunod at paglilingkod ni Abraham.

Nalugod ang Diyos kay Abraham dahil ipinakita nito ang pananampalataya niya sa pamamagitan ng pagsunod at paglilingkod. At ang pananampalataya niya at pagsunod ay hindi nagbago hanggang sa biyayaan siya ng isang anak na lalaki sa edad na 100 (Mga Taga-Roma 4:18-22).

Nakasulat sa Genesis 24, inatasan ni Abraham ang alipin niya na pinakamatanda sa kanyang sambahayan at katiwala niya para tumungo sa Haran (bansa niya) at pumili ng mapapangasawa ng anak niyang si Isaac. Sinabi ng alipin kay Abraham, "Sakaling hindi pumayag ang babae na sumama sa akin sa lupaing ito; dapat ko bang ibalik ang anak mo sa lupaing pinanggalingan mo?"

Matibay ang kasagutan ni Abraham sa Genesis 24:7, "Ang PANGINOON, ang Diyos ng langit, na kumuha sa akin sa sambahayan ng aking ama, at sa lupaing aking tinubuan ay nagsalita at sumumpa sa akin na nagsasabi, 'Sa iyong binhi ay ibibigay ko ang lupaing ito;' magsusugo Siya ng Kanyang anghel sa unahan mo, at ikukuha mo roon ng asawa ang aking anak." Ibig sabihin, walang ibang gagawin ang alipin kundi isama ang babae dahil ipinangako na ng Diyos na ibibigay sa kanila ang lupain ng Canaan at nakahanda na ang magiging asawa at dadalhin na lang sa kanya. Nagtagumpay ang alipin na makilala agad ang babaing mapapangasawa ni Isaac gaya ng sinabi ni Abraham (Genesis 24:10-61).

Isinapuso ni Abraham ang Salita ng Diyos at sinunod niya ito. Nanatili siyang matatag kahit sa mga mabibigat na situwasyon. Hinanap ng Diyos ang ganitong klaseng puso, kaya sa pamamagitan ng mga pagsubok, si Abraham ay itinuring ng Diyos na ama ng pananampalataya.

May mga taong nagbabago kung hindi natutugunan ang mga hiling nila kahit sumusunod sila sa Salita ng Diyos. Subalit si Abraham ay hindi nag-alinlangan o nagbago at patuloy na nagtiwala na mangyayari ang mga sinabi ng Diyos. Hindi siya pabagu-bago sa pananalig, pagsunod, at paglilingkod ayon sa kalooban ng Diyos.

Kaya sinasabi sa atin sa Santiago 2:23, "...'Si Abraham ay sumampalataya sa Diyos, at iyo'y ibinilang sa kanyang katuwiran' at siya'y tinawag na kaibigan ng Diyos." Kung maniniwala at magtitiwala kayo sa Diyos hanggang sa katapusan at mamumuhay ayon sa Salita Niya katulad ni Abraham, walang bagay na hindi ninyo matatanggap mula sa Kanya.

Taos-puso akong umaasa na magkakaroon kayo ng mabuting kalooban tulad ni Abraham at lubos na magtitiwala, maniniwala at susunod sa Diyos. Idinadalangin ko sa pangalan ng Panginoon na tatamasahin din ninyo ang iba't ibang biyaya na tinanggap ni Abraham dahil dito.

## Pahayag ng Pananampalataya

1. Naniniwala ang Manmin Central Church na ang Biblia ay Salita ng Diyos at ito ay perpekto at walang mali.
2. Naniniwala ang Manmin Central Church sa pagkakaisa at pagkilos ng Diyos sa Tatlong Persona: Diyos na Banal na Ama, Diyos na Banal na Anak, at Diyos na Banal na Espiritu.
3. Naniniwala ang Manmin Central Church na tayo ay mapapatawad sa ating mga kasalanan sa pamamagitan lamang ng pagtubos ng dugo ni Jesu-Cristo.
4. Naniniwala ang Manmin Central Church sa muling pagkabuhay at pag-akyat ni Jesu-Cristo sa Langit, sa Kanyang Pangalawang Pagbabalik, sa Milenyo, at sa walang hanggang Langit.
5. Ang mga miyembro ng Manmin Central Church ay nagpapahayag ng kanilang pananampalataya sa pamamagitan ng "The Apostles' Creed" o Credo ng Apostol sa bawat pagtitipon at pinaniniwalaan nila ang bawat isang salitang nakapaloob dito.

"Siya [Diyos] ang nagbibigay sa lahat ng tao ng buhay at ng hininga, at ng lahat ng bagay na ito." (Ang Mga Gawa 17: 25)

"Walang kaligtasan sa kanino pa man, sapagkat walang ibang pangalan sa ilalim ng langit na ibinigay sa mga tao na ating ikaliligtas." (Ang Mga Gawa 4: 12)


Tagalog
Balitang Manmin
Inilathala ng Manmin Central Church

Address: 235-3, Guro-Dong3, Guro-Gu, Seoul, Korea (152-848)
Telepono: 82-2-818-7047 Fax: 82-2-818-7048
Website: www.manmin.org/english
Email: manminministry@gmail.com

Tagapaglathala: Dr. Jaerock Lee Punong Patnugot: Geumsun Vin

# Mayroon Bang Sukat ang Pananampalataya? Gusto Kong Malaman Kung Nasaan ang Sukat ng Pananampalataya Ko

T) Kailan lang, may narinig akong nakakabiglang balita mula sa kaibigan ko na masigasig sa buhay Cristiano niya. Ito ay tungkol sa iba't ibang sukat ng pananampalataya. Bukod dito, ang kaligtasan ay depende sa ating pananampalataya, at ang mga sagot sa mga hiling, mga biyaya, at ang walang hanggang tirahan sa langit ay magkakaiba batay sa sukat ng pananampalataya natin. Totoo bang may maliit at malaking pananampalataya?



S) Sinasabi sa Mga Taga-Roma 12:3, "..kundi mag-isip nang may katinuan, ayon sa sukat ng pananampalataya na ipinamahagi ng Diyos sa bawat isa."

Papuri ni Jesus sa isang babae sa Mateo 15:28, "O babae, napakalaki ng iyong pananampalataya." Pinagsabihan din Niya ang mga alagad Niya sa Mateo 17:20 dahil sa maliit nilang pananampalataya. Ibig sabihin, iba-iba ang sukat ng pananampalataya: may malaking pananampalataya at maliit na pananampalataya. Mayroon ding espirituwal na pananampalataya na kinikilala ng Diyos at makalaman na pananampalataya na hindi magliligtas sa tao.

### 1. Ang sukat ng pananampalataya ayon sa paglago ng espirituwal na pananampalataya



Ipinapaliwanag sa 1 Juan 2:12-14 ang tungkol sa antas ng espirituwal na pananampalataya na itinutulad sa pananampalataya ng mga munting anak, mga anak, mga kabataang lalaki, at mga ama.

Ang 'pananampalataya ng munting anak' ay tumutukoy sa pananampalataya ng mga bago pa lang tumanggap kay Jesu-Cristo tulad ng nakasaad sa 1 Juan 2:12. Ibig sabihin, ito ang pananampalataya ng mga taong nagkaroon ng karapatang maging anak ng Diyos sa pamamagitan ng pagtanggap ng Banal na Espiritu bilang handog.

Ang kahulugan ng 'pananampalataya ng mga anak' ay pananampalataya ng mga bagong mananampalataya na nakasulat sa 1 Juan 2:14. Dumadalo sila sa mga pagsamba ng iglesya, natututo sa Salita ng Diyos, at nakakaranas ng pagpapala, subalit hindi lubos ang pagsasabuhay ng Salita ng Diyos. Katulad ng mga kabataang lalaki na palaging ganado sa paggawa ng lahat ng bagay, ang mga taong may 'pananampalataya tulad ng mga kabataang lalaki' ay nananatili sa Salita ng Diyos kaya hindi sila nabibigo kahit may mga pagsubok at paghihirap. Sila ay nagtatagumpay sa paglaban nila sa kaaway na diyablo at Satanas (1 Juan 2:13).

Ang 'pananampalataya ng mga ama' ay ang malago at mabungang antas ng pananampalataya (1 Juan 2:13). Ang mga taong may pananampalataya ng mga ama ay nagsisikap na tumulad sa Panginoon sa pamamagitan ng pagsasabuhay ng Salita ng Diyos at taimtim na pananalangin. Inaalagaan din nila ang ibang mga mananampalataya, tulad ng mga ama.

### 2. Ang sukat ng pananampalataya na susukatin sa Paghuhukom sa Malaking Tronong Puti

Sa Ezekiel 47:3-5, may isang lalaking lumabas na may dala-dalang pising panukat at sinukat niya ang tubig habang kasabay na lumalakad dito si Ezekiel. Ang espirituwal na isinisimbolo ng 'tubig' dito ay ang Salita ng Diyos. Ipinapakahulugan ng talatang ito na susukatin ng Panginoon ang pananampalataya natin at mahigpit na hahatulan ang bawat isa sa Paghuhukom sa Malaking Tronong Puti.

"Nang ang lalaki ay lumabas sa dakong silangan na may pising panukat sa kanyang kamay, siya'y sumukat ng isang libong siko, at pinaraan niya ako sa tubig. Ang lalim ay hanggang bukong-bukong. Muling sumukat siya ng isang libo, at dinala niya ako sa tubig, at ang lalim nito ay hanggang tuhod. Muli siyang sumukat ng isang libo, at dinala niya ako sa tubig, at ito ay hanggang sa balakang. Muli siyang sumukat ng isang libo, at ito ay isang ilog na hindi ko madadaanan sapagkat ang tubig ay tumaas na. Sapat ang lalim nito upang languyan, ilog na hindi madadaanan."

Ang 'tubig na umabot hanggang sa bukong-bukong' ay ang pananampalataya ng maliliit na anak, na siyang unang antas ng pananampalataya. Ang 'tubig na umabot hanggang sa tuhod' ay pananampalataya ng mga anak, ang pangalawang antas ng pananampalataya. Ang 'tubig na umabot hanggang sa balakang' ay ang pananampalataya ng mga kabataang lalaki na siyang pangatlong antas ng pananampalataya. At ang 'tubig na hindi na madaanan' ay pananampalataya ng mga ama. Ito ang malagong pananampalataya, ang pang-apat at panlimang antas ng pananampalataya.

### 3. Ang pananampalataya na susukatin sa pagsusuri ng klase o uri ng mga gawa o paglilingkod ng bawat isa sa pamamagitan ng apoy

Mababasa sa 1 Mga Taga-Corinto 3:12-13, "Subalit kung ang sinuman ay magtatayo sa ibabaw ng saligang ito ng ginto, pilak, mahahalagang bato, kahoy, dayami, pinaggapasan, ang gawa ng bawat isa ay mahahayag, sapagkat ang Araw ang magbubunyag nito. Sapagkat ito ay mahahayag sa pamamagitan ng apoy at ang apoy ang susubok kung anong uri ng gawain ang ginawa ng bawat isa." Ang 'saligan' ay si Jesu-Cristo at 'ang gawa ng bawat isa' ay ang paglilingkod na ginawa nang may katapatan at kalakasan. Ito ang pananampalataya at paglilingkod ng bawat isang tao.

Ang pananampalatayang 'pinaggapasan' ay patay na pananampalataya na tulad ng dayami, walang laman, tuyot at madaling masunog. Isinisimbolo nito ang makalaman na pananampalataya na hindi magliligtas sa tao. Ang pananampalatayang 'dayami' ang unang antas ng pananampalataya kung saan napatawad ang mga kasalanan ng tao at naging mga anak ng Diyos sa pamamagitan ng pagtanggap kay Jesu-Cristo. Ang pananampalatayang kahoy ang pangalawang antas ng pananampalataya kung saan nagsisikap silang mamuhay ayon sa Salita ng Diyos.

Tulad ng mahahalagang bato na hindi kayang sunugin ng apoy, magbago man ang hugis, ang halaga nito ay hindi magbabago. Ang mga taong nasa pangatlong antas ng pananampalataya ay tulad ng mahahalagang bato. Napapanatili nila at nisasabuhay ang Salita ng Diyos. Ang mga taong may pilak na pananampalataya, isang metal na may mas mababang halaga kaysa sa ginto pero hindi rin nasusunog, ay nasa antas ng pananampalataya na walang kondisyon o lubos ang pag-ibig para sa Diyos na inuuna sa lahat. Sa pananampalatayang ganito, sasagana ang mga kaluluwa nila at tatamasa sila ng kalusugan. Narating na nila ang pang-apat na antas ng pananampalataya.

Ang pananampalatayang ginto ang panlimang antas ng pananampalataya. Ito ay nananatiling matatag kahit mayroong matitinding pagsubok. Nalulugod ang Diyos sa pananampalatayang ito, nagbubunga ng 100% espirituwal na bunga, at naglilingkod nang tapat sa buong sambahayan ng Diyos. Kapag mayroon tayong perpektong pananampalatayang tulad nito at nananalangin nang maalab sa tuwi-tuwina, makakapagpamalas tayo ng mga tanda. Sinabi ni Jesus sa Marcos 16:17-18, "At ang mga tandang ito ay tataglayin ng mga mananampalataya." At makakapagdala tayo ng maraming kaluluwa sa daan ng kaligtasan at makakapagbigay ng malaking kaluwalhatian sa Diyos.

Mababasa sa Mateo 11:12, "Mula sa mga araw ni Juan na Tagapagbautismo hanggang ngayon, ang kaharian ng langit ay sapilitang pinapasok at sinasakop ng mga taong mararahas." Nangangahulugan itong maaari tayong magtagumpay sa laban natin sa kaaway na diyablo at Satanas na nanunukso sa atin para magkasala kung iwawaksi natin ang mga kasalanan at tutularan ang puso ng Panginoon. At maaari tayong magkaroon ng mas mabuting tirahan sa Langit kung mamumuhay tayo ayon sa katotohanan. Kung ganito ang gagawin natin, makakapasok tayo sa pinakamagandang tirahan sa Langit, sa Bagong Jerusalem, kung saan makikita ang trono ng Diyos. Ang mga taong nasa unang antas ng pananampalataya ay mapupunta sa Paraiso, ang pinakamababang tirahan sa langit; ang mga nasa pangalawang antas ay papasok sa unang kaharian sa langit; ang nasa pangatlong antas ay papasok sa ikalawang kaharian sa langit; ang pang-apat na antas, ang antas ng pagpapabanal na walang sala ay sa ikatlong kaharian sa langit ang tirahan; ang panlima na antas na nakakalugod sa Diyos ay ang Bagong Jerusalem. (Reperensiya: *Ang Sukatan ng Pananampalataya*, isinulat ni Dr. Jaerock Lee)




# "Wala na Akong Pag-asang Gumaling, Pero Naging Malusog Ako Dahil sa Pagpapala ng Panginoon"

**Diakonesa Jungsook Lee** (61 taong gulang, Eastern Gwangju Manmin Church)

Nangyari ito noong nagtatrabaho ako sa Mujeong Elementary School sa Damyang, Joenam. Ang tingin ng mga kasamahan ko sa trabaho ay kakaiba ang mga ikinikilos at pinagsasasabi ko. Sinabihan nila akong magpatingin sa doktor. Ilang dekada na akong nerbiyosa dahil sa mga awayan sa pamilya ko. Lumalala na ang kondisyon ko kaya hindi na naging maganda ang pakikitungo ko sa ibang tao. Bukod dito, naging malilimutin din ako.

### Bilang na ang araw ko sa mundo dahil sa malalang tumor sa utak ko

Noong Abril 2012, pinilit ako ng anak kong babae at ng mga kasamahan ko sa trabaho na magpatingin sa isang neurosurgeon (doktor sa utak) sa Jeonam University Hospital. Malala na pala ang kalagayan ko at gusto na ng doktor na makausap ang pamilya ko. Nanatili ako sa ER ng ospital pagkatapos isagawa ang aking MRI (Magnetic Resonance Imaging – ginagamit ito para makita nang detalyado at masuri ang loob ng katawan ng tao).



Resulta ng MRI bago ang operasyon: malalang tumor sa utak

Kinabukasan, dinala ako ng ambulansya sa Hwasun Jeonam University Hospital na espesyalista sa kanser. Dumaan ako sa iba't ibang pagsusuri. Pagkalipas ng ilang araw, inahit na ang buhok ko sa ulo bilang paghahanda sa operasyon. Hindi ko kaagad nalaman ang tungkol sa kondisyon ko. Mayroon pala akong nakakamatay na tumor sa utak ko. Ito ang dahilan kung bakit nagmadali na ang mga doktor na maoperahan ako. Sinabihan nila ako na baka lima o anim na buwan na lang na magtatagal ang buhay ko kahit naoperahan na ako. Hindi ko matandaan ito at inililihim ito ng pamilya ko sa akin.

Pinainom din ako ng mga gamot at sumailalim sa 'radiation.' Kaya lang, nawalan ako ng ganang kumain at nanghina ako. Nawalan na ako ng pag-asa, at madali rin akong mapagod. Pinauwi na ako mula sa ospital pagkalipas ng limampung araw. Wala akong nagawa kundi lumiban sa trabaho sa eskuwelahang pinapasukan ko. Araw-araw akong nagdurusa dahil sa epekto ng operasyong ginawa sa akin.

### Nangusap sa akin ang librong *Maranasan ang Walang hanggang Buhay bago ang Kamatayan*

Bago matapos ang Disyembre 2010, muli akong nagkaroon ng pag-asa. May nakilala akong babae sa isang paliguang pampubliko. Sinabi niya sa akin, "Mukha kang may sakit." Ikinuwento ko sa kanya ang karamdaman ko. Sinabi niya sa akin, "Maniwala ka sa Diyos na Pinakamakapangyarihan sa lahat. Para sa Diyos pareho lang ang sipon at kanser. Kung dadalo ka sa iglesya ko, gagaling ka." Masarap pakinggan ang mga sinabi niya.

Ang babaing iyon ay si Punong Diakonesa Sundeok Hwang na dumadalo sa Eastern Gwangju Manmin Church. Noong Enero 2, 2011, dumalo ako sa iglesya sa unang pagkakataon. Maganda ang naging tingin ko sa iglesya. Nadama ko ang pag-ibig ng mga miyembro sa isa't isa.

Noong araw ding iyon, tinanggap ko ang librong isinulat ni Dr. Jaerock Lee tungkol sa patotoo niya, ang *Maranasan ang Walang hanggang Buhay bago ang Kamatayan*. Naramdaman ko ang patotoo niya, isang taong nagdusa sa iba't ibang klase ng karamdaman sa loob ng pitong taon. Malapit na siyang mamatay nang makilala niya ang Diyos at siya ay pinagaling. Dahil sa librong ito, nagkaroon ako ng bagong pag-asa para mabuhay pa. Inisip ko, puwede din akong gumaling.

### Lubos akong nagsisi habang nakikinig sa mga sermon bawat linggo

Palaging nangungusap sa puso ko ang mga sermon ni Dr. Lee. Matamis ang mga ito sa pandinig ko - parang pulot. Inaasam-asam ko ang mga mensahe niya.

Kinokonsiyensya ako lalong-lalo na kung ang mga mensahe ay tungkol sa pag-ibig sa kapwa bilang mga anak ng Diyos. Punung-puno ng galit at sama ng loob ang puso ko. Iniiyak ko sa Diyos na tanggalin Niya ang mga ito.

Dalawang linggo pagkatapos na magsimula akong dumalo sa iglesya, binisita ako ni Pastor Yeonok Chung at nagsimula siya ng 21 araw na pangakong pagsamba para sa akin kasama ang iba pang miyembro ng iglesya. Nagsikap akong isabuhay ang mga natutuhan ko sa mga mensahe niya sa pagsamba namin. Pinagsisihan ko nang lubos ang galit at reklamo ko laban sa ibang tao.

Pagkatapos nito, lumakas ako at bumuti ang pakiramdam ko kahit matagal akong nakaupo. Nakita ni Pastor Chung ang paglago ng pananampalataya ko at sinabihan niya akong pumunta sa Seoul para tanggapin ang dalangin ni Dr. Lee.

### Pagkatapos tanggapin ang dalangin, naging malusog at masaya ulit ako

Noong Pebrero 2011, kabado kong tinanggap ang panalangin ni Dr. Lee. Pagkatapos nito, bumuti na ang pakiramdam ko at naging maaliwalas na ang mukha ko. Dati, hindi ako makapaglinis ng bahay ko at ni hindi makapag-imbita ng mga bisita. Subalit ngayon, kahit ang santuwaryo ay kaya ko nang linisin! Habang pinapakinggan ko ang mga sermon ni Dr. Lee, natanto ko na ang tunay na buhay Cristiano ay pagtulad sa Panginoon. Kaya, hindi ako huminto sa pananalangin at nagsikap na isabuhay ang Salita ng Diyos. Habang nawawala ang mga sama ng loob at galit sa puso ko, unti-unting nakakatulog na ako nang mahimbing at nagkagana na akong kumain.

Nakatitiyak akong pinagaling na ako ng Diyos. Nais kong luwalhatiin Siya kaya noong Marso 2012, pumunta ako sa ospital para magpa-MRI ulit. Pinatunayan ng resulta na magaling na magaling na ako at wala na ang posibilidad na bumalik pa ang karamdaman ko. Hallelujah!

Kadalasan, ang mga taong may malalang tumor sa utak ay hindi na nagtatagal ang buhay sa loob ng tatlong taon kahit naoperahan pa. Pero ako, lumulusog ako araw-araw. Hindi ko mapigilang magpasalamat nang walang patid. Higit pa riyan, mataas ang gradong nakuha ko sa pagsusulit tungkol sa mga talata sa Biblia sa aming iglesya. Nakaka-100% na ako, ni hindi ko naisip na mangyayari ito noon.

Sa ngayon, naghahatid ako ng *Balitang Manmin* na may mapagpasalamat na puso sa biyaya ng Panginoon. Umaasa ako na mas maraming tao pa ang makakilala sa Panginoon at magtamasa ng masayang buhay. Nagpapasalamat at niluluwalhati ko ang Diyos, at ipinapaabot ko ang taos-pusong pasasalamat kay Dr. Jaerock Lee na nanalangin para sa akin at gumabay sa akin sa tunay na buhay Cristiano.



GCN
GLOBAL • CHRISTIAN • NETWORK
Tel: 82-2-824-7107
www.gcntv.org
e-mail: webmaster@gcntv.org

MIS
Manmin International Seminary
Tel: 82-2-818-7334
www.manminseminary.org
e-mail: manminseminary2004@gmail.com

WCDN
World Christian Doctors Network
Tel: 82-2-818-7039
www.wcdn.org
e-mail: wcdnkorea@gmail.com

URIMBOOKS
Tel: 82-70-8240-2075
urimbooks.com
e-mail: urimbook@hotmail.com